Abril 16 **Napuri o Nahatulan?**

“Mapapalad ang mga mahabagin, sapagkat sila’y kahahabagan.” (Mateo 5:7)

* * *

Pinupuri ng Diyos ang mga taong mahabagin subalit hinahatulan ang mga walang awa.

Ipinakikita ng Kasulatan ang mga pinagpala ng Diyos ng higit na sagana ay masagana rin sa pagkamahabagin sa iba. Halimbawa ay si Abraham, tinulungan niyang maligtas ang kanyang pamangkin na si Lot kahit na nagawan siya ng masama nito. Si Jose ay naging mahabagin sa kanyang mga kapatid pagkatapos nilang siya’y ipagbili upang maging alipin. Dalawang beses na hindi pinatay ni David si Saulo pagkatapos na niyang subukin patayin si David.

Subalit kung gaano katiyak ang papuri ng Diyos sa mga nagpapakita ng habag, ang Kanyang paghahatol sa mga walang awa ay tiyak din. Sinasabi ng Awit 109:14-16, “Maalala nawa ng PANGINOON ang kasamaan ng kanyang mga magulang, huwag nawang mapawi ang kasalanan ng kanyang ina! …Sapagkat hindi naalalang magpakita ng kabaitan.”

Sa pagdating ng paghuhukom, sasabihin ng Panginoon sa mga taong iyon, “Lumayo kayo sa Akin, kayong mga sinumpa. Doon kayo sa apoy na walang hanggan na inihanda sa diyablo at sa kanyang mga anghel. Sapagkat Ako’y nagutom, at hindi ninyo Ako binigyan ng pagkain. Ako’y nauhaw, at hindi ninyo binigyan ng inumin. Ako’y taga-ibang bayan, at hindi ninyo Ako pinatuloy. Hubad, at hindi ninyo Ako dinamitan; maysakit at nasa bilangguan, at hindi ninyo dinalaw” (Mateo 25:41-43). Sila’y sasagot ng, “Panginoon, kailan Ka namin nakitang gutom, o uhaw, o isang taga-ibang bayan, o hubad, o maysakit, o nasa bilangguan, at hindi Ka namin pinaglingkuran? ” (t. 44). Sasagot Siya na nang sila’y di naawa sa mga taong kumatawan sa Kanya, kanila itong di ginawa sa Kanya (t. 45).

Hinihimok ng ating lipunan na sunggaban natin ang lahat ng bagay para sa ating sariling pakinabang, subalit nais ng Diyos na tayo’y umabot sa iba at ibigay ang lahat makakaya nating ibigay sa iba. Kung may gumawa ng masama sa iyo, pumalyang magbayad ng isang utang, or hindi naisol ang isang bagay na hiniram mula sa iyo, maging mahabagin ka sa kanya. Hindi ibig sabihin na palalagpasin mo ang kasalanan, ngunit kailangan mong tumugon sa tao na may isang pusong nakikiramay. Ganyan ang ginawa ni Cristo para sa iyo. Maaari mo bang ito gawin sa iba?

* * *

Mga suhestion para Ipanalangin: Kung may kilala ka na gumawa ng masama laban sa iyo, ipanalangin ang taong iyon, n ahumihingi sa Diyos na bigyan ka ng isang pusong nakikiramay para kanya. Gawin mo ng madalian ang lahat ng iyong magagawa upang makipagkasundo.

Para sa Dagdag na Pag-aaral: Basahin ang Roman 1:29-31. Paano inilarawan ni Pablo ang mga di makadiyos?